

**Mga Pagpapataw ng Buwis 2016**  
**Pagpapataw sa mga Operasyon at**  
**Pagpapataw sa Kapital sa Gusali, Teknolohiya at Akademiko IV (BTA IV)**



**KAILAN GAGAWIN ANG ELEKSIYON?**

Ang espesyal na eleksiyon ay ihararap sa mga botante ng Seattle sa Pebrero 2016. Dahilan sa ang estado ay gumagamit ng modelong pagboto sa koreo, ang mga balota ay ipadadala sa baw't isang rehistradong botante sa Enero 2016. Ang huling araw para ibalik ang balota ay sa opisyal na araw ng eleksiyon, Pebrero 2016.

**MAGKANO ANG HIHINGIN NG MGA PAGPATAW?**

Ang pagpapalano ay kasalukuyang ginagawa upang matiyak ang mga prayoridad at badyet sa proyektong BTA IV at upang matiyak ang halaga na ipahihintulot sa amin na hingin para sa pagpapataw sa operasyon. Ang mga miyembro ng Lupon ng Paaralan ng Seattle ay isasaalang-alang ang halaga ng BTA IV batay sa analisis na pinansiyal at mga pagsasaalang-alang sa mga pangangailangan. Ang halaga ng pagpataw sa operasyon ay batay sa pormula ng estado.

**ANO ANG PAGPAPATAW SA BTA IV?**

Ang BTA IV (Gusali, Teknolohiya, Akademiko/Palakasan IV) ay isang pagpapataw sa kapital na ihararap sa mga botante ng Seattle sa Pebrero 2016. Ang pagpapatibay ng pagpataw sa BTA IV ay magbibigay ng pondo sa maraming kailangang maliliit na pagkukumpuni at mahalagang mga pagpapanatiling proyekto sa ating mga gusaling paaralan, teknolohiya at akademikong suporta na imprastruktura. Ang pagpataw sa kapital ng Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ay tatakbo ng 6 na taon, at gumawa na kami ng isang iskedyul na maglalagay alinman sa BTA o Kahusayan ng Gusali (BEX) sa mga botante tuwing tatlong taon sa isang halinhinang iskedyul.

Ang BTA IV na pagpataw sa kapital ay isang pampalit na pagpataw para sa kasalukuyang BTA na pagpapataw at magiging kalahati para sa kasalukuyang pagpataw na BTA, na BTA III. Ang BTA III ay ipinasa noong 2010 at natapos noong 2017. Lahat na BTA III na mga proyekto ay natatapos sa oras at nasa o mababa sa halagang naka badyet. Para sa detalye ng mga proyekto, tingnan ang BTA III sa homepage.

**ANO ANG PAGPAPATAW SA OPERASYON?**

Magkakaroon din ng pagpapataw sa Operasyon sa parehong balota kasama ng BTA IV na Pagpapataw at magiging kahalili para sa kasalukuyang pagpataw sa operasyon na ipinasa ng mga botante noong 2013. Ang SPS na Pagpataw sa Operasyon ay inihararap sa mga botante tuwing tatlong taon. Ito'y kumakatawan sa halos 25% ng pang araw-araw na badyet sa operasyon ng distrito at sumusuporta sa mahalagang edukasyonal na programa na hindi pinopondohan ng buo ng estado.

**ILANG MGA PROYEKTO ANG ISASAMA SA BTA IV?**

Ang panukalang BTA IV ay isasama ang mga proyekto na magpapabuti ng mga pasilidad at teknolohiya, at susuporta sa mga akademiko. Ang mga proyekto ay nagbibigay pakinabang sa mga paaralan sa buong distrito. Ang halaga na hinihingi ng pagpapataw ay pagpapasyahan pa. Ito ang magtitiyak kung ilang mga proyekto ang mapopondohan sa pamamagitan ng BTA IV.

## **PAANO PINILI NG SPS ANG BTA IV NA PROYEKTONG GUSALI NA MAKASAMA SA LISTAHAN?**

Ang Lupon ng Paaralan ay bumuo ng mga panuntunan para sa pagbubuo ng isang mungkahing pagpapataw na nagbibigay diin sa mahabang pagpapalano at pamamahala ng pasilidad, gayundin ang paglinya sa mga mahalagang panukala ng distrito.

Nakipagkontrata kami kay Meng Strazzara upang gumawa ng isang kumprehensibong analisis ng kalagayan ng ating mga pasilidad, na aming ginagamit bilang giya para sa pagbibigay ng prayoridad sa mga proyekto. Isinasaalang-alang namin ang kaligtasan ng mga mag-aaral at kawani at pinapalitan iyong mga bagay na may natitira pang pakinabang na buhay na mababa sa apat na taon at binibigyang diin din ang proteksiyon ng mga estruktura ng paaralan.

Pag-aaralan namin ang maaaring mga proyekto na makakagawa ang Distrito na matugunan ang kasalukuyan at hinaharap na pangangailangan sa kapasidad, lalo na ang nasa isip na lumalaking pagpapatala.

Ihahanay namin ang aming listahan ng proyekto na may matagal na plano sa pagmamantine ng gusali upang mabigyang pansin at mapaliit ang aming nakatambak na gawain sa pagpapanatili ng gusali.

Pag-aaralan namin ang mga proyekto na nagpapaliit ng paggamit ng enerhiya at nagpapataas ng pamamahala ng kapaligiran-lalo na ang mga paroyekto na gumagamit ng bagong “berde” na teknolohiya.

Gusto naming masiguro ang pagpapanatili ng kahalagahan ng aming mga gusaling paaralan sa pagbibigay pansin sa mga bagay na nagbabanta ng pagkasira, tulad ng pagpapalit ng bubong, pagkukumpuni ng bintana at pagsanggalang sa pagbaha.

Pag-aaralan naming ang mga panukala na proyekto mula sa publiko at aming mga kawani sa paaralan bilang isang karagdagang paaan ng pagtukoy sa mga proyekto na tumutugon sa mga prayoridad na ito.

Ihahanay namin at pipiliin ang mga proyekto na maaaring mahusay at epektibong magagawa na may tamang iskedyul, kikilalanin na ang mga pera mula sa ipinataw na buwis ay kinokolekta sa loob ng anim na taon at na ang mga proyekto sa loob ng isang naturang paaralan ay kailangang pagtugun-tugunin.

## **SAAN AKO MAKAKAKUHA PA NG IMPORMASYON TUNGKOL SA UMIIRAL NA PROYEKTONG PAGPAPATAW SA KAPITAL?**

Ang impormasyon tungkol sa nakaraan, kasalukuyan at hinaharap na pagpapataw sa kapital sa mga Gusali, Teknolohiya at Akademiko/Palakasan ay makukuha sa aming BTA website: paki bisita <http://bta.seattleschools.org/>

Ang Impormasyon tungkol sa aming proyekto na Kahusayan ng Gusali IV (BEX VI) ay makukuha sa BEX Web site: paki bisita <http://bex.seattleschools.org/bex-iv/>

## **GUSTO NAMING MAKARINIG MULA SA IYO!**

- Para sa ***Pagpapataw sa Kapital BTA IV na mga tanong at puna***, paki email sa: [CapitalLevy2016@seattleschools.org](mailto:CapitalLevy2016@seattleschools.org).
- Para sa ***Pagpapataw sa Operasyon na tanong at puna***, paki email sa : [budget@seattleschools.org](mailto:budget@seattleschools.org)
- Upang ***padalhan kami ng sulat***, ipadala sa:  
Levies 2016, Seattle Public Schools,  
M.S. 22-336  
P.O. Box 34165  
Seattle, Washington, 98124-1165.
- Upang isumite ang inyong mga panukala/ nominasyon sa paggamit ng aming online na pormularyo, paki bisita: <http://bit.ly/BTA-IV-Nomination>.
- 

**Paalaala: lahat ng nominasyon ay kailangan bago mag Abril 30, 2015. Salamat po.**